



Nakipag-ugnayan ang CARD Bank sa Western Union upang mapalawig pa ang remittance service nito sa loob at labas ng bansa. Ang nasa larawan (kaliwa-kanan) ay sina Rochelle Iglesias, Western Union Senior Manager for Business Development; Jeffrey Navarro, Western Union Regional Director for Philippines, Malaysia, Brunei, Indochina; Marivic Austria, CARD Bank President and CEO; at Lourdes Dijan, CARD Bank Executive Vice President.

CARD Bank at Western Union, nagsanib-puwersa para sa mas malawak na serbisyong pampinansyal sa bansa

ni Charyll April Perez

Kaakibat ng misyon nitong mapalawig ang serbisyong pampinansyal sa mamamayang Pilipino, ang CARD Bank ay nakipagsanib-puwersa sa Western Union upang palawigin ang paghahatid-serbisyo nito hindi lamang

sa bansa kundi maging sa iba't ibang panig ng mundo.

Ayon kay CARD Bank President and CEO Marivic Austria, “Ang ugnayang ito ay susi ng institusyon sa pagbibigay ng pinakamainam na serbisyo

sa mga hindi pa naaabot na komunidad sa parehong probinsya at lungsod maging ang mahihirap na lugar sa bansa. Ang pagkilala sa atin ng Western Union bilang isa sa mga kilalang ahente nito ay magtutulay sa atin upang maabot at makapaglingkod

pa sa mas maraming kliyente nito sa higit 200 bansa maliban sa 1,500 kaagapay na opisina sa iba't ibang panig ng bansa sa ilalim ng CARD MRI. Ang mas pinalawak na samahang ito ay malaking tulong lalo na sa ating mga kababayang

nasa iba't ibang bahagi ng mundo sa pagpapadala ng kanilang pinaghirapang pera sa Pilipinas. Gayon din, magbibigay-daan din ito sa mas pinadali at mas maluwag na paraan sa pagpapadala ng pera para sa



Hijos Travel Goals in a Box, inilunsad

ni Charyll April Perez

Isa sa mga industriyang labis na naapektuhan ng pandemyang hatid ng COVID-19 ay ang turismo. Bunsod ng limitadong pagkilos at pagpapatupad ng ilang hakbang pangkalusugan upang mapigilan ang pagkalat ng virus, marami sa mga negosyong may kinalaman sa turismo ang pansamantalang nagsara at huminto ng operasyon. Sa kabila nito, isang tour company ang nakaisip ng

kakaibang paraan kung paano makapagbibigay ng natatanging karanasan sa paglalakbay sa loob ng isang “kahon”.

Ang CARD MRI Hijos Tours, isang tour company na nakabase sa Laguna at naitatag noong 2017, ay nag-aalok ng “Travel Goals in a Box” na nagbibigay ng karanasan sa mga tao na muling makapaglakbay sa mga pangunahing lokal na destinasyon sa bansa nang



Bagong payment channels, hatid ng CARD MRI

ni Jeffrey Tandingan

Sa ating kinakaharap na pagbabago, kinailangan ng buong CARD MRI na mabilis na maiangkop ang proseso nito para sa mga kliyente. Kung kaya't nakipag-ugnayan ang organisasyon sa iba't ibang payment service provider upang mabigyan ng alternatibong pamamaraan ang mga kliyente na makapagbayad ng kanilang lingguhang



**MAGBASA
MATUTO
KUMILOS
PARA SA PAGBABAGO**



Basahin ang Sulong sa mahigit 3,000 opisina ng CARD MRI sa buong bansa. Mapapanood din ang video version nito sa aming official FB page @PublishingHouseInc.

CARD Bank at Western Union, nagsanib-puwersa... ◀ 1

kanilang mga pamilya.” Sa pamamagitan ng samahang ito, ang pagpapadala ng pera ay mas magiging madali at mas magaan para sa mga Pilipino sa maraming sangay ng Western Union sa bansa.

Ayon naman kay Western Union Head of Network Middle East and Asia Pacific Sohini Rajola na ang Western Union ay espesyal na naitayo upang matugunan ang mga kumplikado at magkakaugnay na pangangailangan ng mundo sa kasalukuyang panahon. Hangad nitong makapagbigay ng kalayaan at kaayusan sa pagpapadala ng pera kailan man, saan man o paano man ito naisin ng mga kliyente nito.

Dagdag pa niya na ang ugnayan ng Western Union at CARD Bank ay nagpapakita ng malinaw na hangarin sa kung ano pa ang inaasahan nitong maaabot. Ang serbisyong

pampinansyal ay hindi lamang yamang maituturing para sa iilan, ngunit ito ay pangangailangan ng lahat at bahagi ng ekonomiya at buhay na nais maihatid nang maayos sa mga tao. Nagagalak ang Western Union na paigtingin ang serbisyo nito kasama ang CARD Bank sa pamamagitan ng serbisyong pampinansyal at ng perapadala para sa bawat isa kabilang na ang mga komunidad mula sa mga probinsya.

“Dito sa CARD Bank ay sinisiguro nating sa pamamagitan ng samahang ito ay mararanasan ng ating mga kliyente ang mas pinadaling pagkuha ng perang ipinadala sa kanila mula sa ibang bansa at umaasa tayo sa mas maunlad na ugnayan sa paghahatid ng serbisyong pampinansyal para sa ating kababayan sa iba’t ibang komunidad,” pagtatapos ni Austria.

Bagong payment channels... ◀ 1

bayarin nang hindi na kinakailangan pang magpunta sa opisina ng CARD MRI.

Sa paglobo ng bilang ng kaso ng COVID-19 sa bansa, hindi maiaalis ang takot ng publiko sa palaging paglabas lalo’t higit sa matataong lugar at ang posibilidad na mahawa ng lumalaganap na sakit.

“Sa gitna ng krisis na ating kinakaharap, minabuti nating magbigay ng mas maraming opsyon sa ating mga kliyente kung paano nila maipagpapatuloy ang kanilang transaksyon sa CARD nang walang halong pangamba,” pagbabahagi ni Flordeliza L. Sarmiento, ang Punong

Tagapamuno ng CARD MRI.

Dahil sa ugnayang ito, mas marami ng lugar ang kanilang maaaring pagbayaran ng kanilang loan. Maaari na silang magbayad sa pinakamalapit na kinikilalang komersyante ng EC Pay gaya ng 7-Eleven, RD Pawnshop, Tambunting, at iba pa.

Maliban dito, maaari na ring magbayad ng loan nang hindi na kailangang umalis pa sa kanilang tahanan upang mabawasan rin ang pagkilos sa mga regular na matataong lugar. Maaari na ring magbayad gamit lamang ang *e-wallet mobile app* tulad ng PayMaya.

“Dahil kaisa tayo sa laban sa pandemyang ito, patuloy tayong nag-iisip

ng pamamaraan upang makapagbigay ng mas mahusay na serbisyo sa ating mga kliyente,” pagbabahagi ni Sarmiento. “Lagi tayong pasulong mag-isip para sa ikabubuti ng ating mga kawani at kasapi,” dagdag pa niya.


Mabago man ang takbo ng ating pamumuhay dahil sa krisis na ating kinakaharap, mananatili pa ring nakatuon ang misyon ng CARD MRI sa pagsugpo sa kahirapan sa bansa.

Magpapatuloy ang organisasyon sa pag-iisip ng mga bagong paraan upang mas maging mahusay ang lahat ng serbisyo nito para sa maraming komunidad na pinagsisilbihan nito.



CARD Pioneer, nagsagawa ng kabuhayan promo; nangakong patuloy ang serbisyong seguro sa mga miyembro

ni Clariza Concordia



Isinagawa ng CPMI ang raffle draw ng Sagip-Buhay, Hanep-Buhay Promo para sa mga kliyente nito sa pamamagitan ng Facebook live noong ika-20 ng Agosto, 2020.

Upang makapagbigay ng karagdagang suporta at makapaghatid ng pag-asa ngayong panahon ng pandemya, nagsagawa ng promo ang CARD Pioneer Microinsurance (CPMI) sa mga kliyente nito.

Sa pamamagitan ng “Sagip-Buhay, Hanep-Buhay”, ang naturang promo ay sinalihan ng mga kliyente ng CARD sa buong bansa. Ito ay mga kliyenteng kasalukuyang bahagi ng Sagip Plan ng CPMI, isa

sa mga halimbawa ng *non-life insurance product* ng institusyon.

Ang *grand raffle draw* ay isinagawa nang *live* sa opisyal na *Facebook page* ng CPMI noong ika-20 ng Agosto. Samantala,

Marso ng taong ito ay una nang naianunsiyo ang mga nagsipagwagi mula sa iba’t ibang probinsya.

Sabi ni CPMI Officer-in-Charge Melinda Grace Labao sa kanyang pambungad na pananalita, ang isinagawang programa ay kanilang paraan upang magbigay ng pag-asa at magpasalamat sa milyon-milyon nilang kliyente lalo na ngayong nahaharap sa matinding krisis at pandemya ang ating bansa. Kaugnay nito ay pinuri din niya ang katatagan ng mamamayang Pilipino.

“Tayong mga Pilipino ay kilala sa ating katatagan. Hindi natin hinahayaang may maiwan; lumalaban tayo nang sama-sama,” pagsisimula ni Labao. “Sa ating sama-samang pagharap sa labang ito, kami sa CARD Pioneer at CARD Microinsurance Agency (CaMIA) ay mananatili ninyong katuwang sa laban. Patuloy nating ibibigay sa mga kliyente ang proteksyon sa pamamagitan ng ating mga produktong panseguro maging ang ating serbisyo sa panahon ng krisis,”

aniya.

Ang apat na nanalo ay mula Maynila, Marinduque, Cebu, at Davao Oriental. Ang bawat isa ay nakapag-uwing traysikel o kabuhayan *package* na nagkakahalaga ng Php125,000. Samantala, ang mga premyo naman para sa mga nagsipagwagi sa isinagawang *provincial draw* ay nagkamit ng kabuhayan *package* na nagkakahalaga ng Php50,000 bilang pangunahing papremyo at produktong pantindahan naman na nagkakahalaga ng Php5,000 bilang *consolation prizes*.

Kwento ng Paghilom

Ang nabanggit na programa ay hindi lamang isang pagdiriwang para sa mga nagsipagwagi. Ito rin ay pagkakataon upang panandaliang huminto at magnilay sa gitna ng pagsubok.

“Ang pandemyang ating nararanasan ay isang kwento ng pagbangon,” pagbabahagi ni Labao. “Ito ay kwento ng bagong simula, kwento ng kalagayan ng



Isinulong ng CARD MRI Hjos Tours ang Travel Goal in a Box upang patuloy na makapaghatid nang makabuluhang karanasan at kaalaman sa gitna ng pandemya. Kasabay nito, layunin din nitong suportahan ang mga lokal na micoentrepreneur sa bansa.

Hijos Travel Goals in... 1

hindi na kailangang lumabas pa mula sa kanilang mga tahanan. Ang *travel box* ay may kalakip na *VR glasses* na maaaring gamitin upang maranasan ang *virtual tour* sa mga piling bayan sa Pilipinas. Upang gawing mas makatotohanan ang paglalakbay, kabilang din sa *travel box* ang iba't ibang lokal at masasarap na pagkain, *souvenir items* at nakatutuwing larong pampagkatuto.

“Sa pagsisimula pa lamang ng pandemya, natiyak na nating maaapektuhan nang sobra ang turismo sa bansa. Sa ganitong lagay, umisip agad tayo nang kakaibang paraan upang maipagpatuloy ang ating layuning makapagbigay ng kapapanabik na biyahe para sa ating mga kliyente habang sila ay nagiging bahagi ng paglalakbay,” sabi ng pangulo ng CARD MRI Hijos Tours na si Marilyn M. Manila.

Dahil sa hangarin nito, pinagsama-sama ng Hijos Tours sa *travel box* ang mga lokal na produkto ng mga komunidad upang tunay nilang maranasan ang paglalakbay na ito kasama ang *virtual reality tours* ng isang lugar.

Patuloy namang ipinagdiriwang ng Hijos Tours ang ating kultura, mga lokal na pagkain, pangkat-etniko, at ang mga natatanging kwento ng ating mga kababayan. Bawat produktong nasa

loob ng kahon ay masusing isinagawa ng lokal na komunidad kasama ang Hijos Tours. Ang *physical tour guides* nito ang ngayong tumatayong *virtual tour guides* ng mga manlalakbay ng naturang kompanya.

“Kung sakaling naantala ang inyong 2020 *travel goals* dahil sa krisis, inihahandog namin sa inyo ang kakaibang paraan ng paglalakbay sa mga probinsya ng lugar ng San Pablo sa Laguna at Iloilo. Sa kasalukuyan ay patuloy nating isinasagawa ang ating *tour boxes* para sa Samar at Leyte, Davao, at Baguio na malapit na nating mabuksan sa publiko,” ani Manila.

“Maaari nang makasama ng ating mga manlalakbay ang kanilang mga mahal sa buhay habang pinagmamasdan ang magagandang lugar at tanawin sa mga lugar na ito kasabay ng pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa kultura, tradisyon at kasaysayan sa pamamagitan ng *360 degree videos* at *customized games* sa mas mura at mas abot-kayang paraan,” pagdidiin pa ni Manila.

Maging bahagi ng mas makabuluhang misyon

Ibinahagi rin ni Manila na ang kita mula sa *travel box* ay mapupunta sa mga *tour guide* at *supplier* sa komunidad ng Hijos Tours. “Maliban sa kompanya, hangad din nating makapag-

abot ng tulong sa ating kababayang miyembro ng komunidad.

Walang sino man ang maiiwan. Kasabay ng ating pakiki-ayon sa bagong normal ay mananatili tayong tapat sa pagtupad ng ating layunin.

Nais nating patuloy na masiguro ang pagbibigay-suporta sa mga komunidad na ating pinaglilingkuran sa pamamagitan ng natatangi nating produkto at serbisyo,” ani Manila.

Sa pagtingkilik natin sa *travel box* ay nagkakaroon tayo ng pagkakataong magbigay ng suporta sa pagpapalago at pagpapaunlad ng kultura sa mga taong bahagi ng nabanggit na komunidad.

Pampamayanang Turismo

Ang CARD MRI Hijos Tours ay nagsimula bilang isang programa ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) noong 2013. Di nagtagal ay naiparehistro ito bilang opisyal na *tour company* sa taong 2017. Sa kasalukuyan, ang Hijos Tours ay binubuo ng halos 60 pamilya na tinutulungan sa pamamagitan ng lima pa nitong mga programa.

Upang matuto pa tungkol sa mga produkto at serbisyo ng CARD MRI Hijos Tours, bisitahin lamang ang opisyal na *Facebook page* nito sa www.facebook.com/HijosToursOfficial.

CARD Pioneer, nagsagawa... 2

mga Pilipino sa pagharap sa krisis, ito’y kwento ng ating katatagan. Higit sa lahat, ang pandemyang ito ay ating kwento ng paghilom,” dagdag niya.

Siniguro ni Labao na ang CPMI, katuwang ang CaMIA, ay patuloy na nagtutulungan upang masigurong naibibigay ang serbisyong nararapat para sa mga kliyente nito habang may pandemya. Sa katunayan, ang CPMI ay nakapagtala ng higit sa PhP13 milyong nabayarang claims mula Marso 2020 hanggang Abril 2020.

“At sa ngayon, patuloy tayong magsisikap upang mabigyan ang ating mga kliyente ng serbisyong seguro lalo’t higit sa panahon ng krisis,” ani Labao.

Panghabambuhay na Samahan

Ang CPMI ang kauna-unahang *microinsurance company* sa Pilipinas. Ang samahang ito ay naging posible sa pagitan ng Center for Agriculture and Rural

Development (CARD), Inc., (A Microfinance NGO) at Pioneer. Layunin ng CPMI na matulungan at maseguro ang mga pamilyang naghahangad na umangat mula sa kahirapan.

Bilang bahagi ng misyon nitong mapagsilbihan ang mahihirap, ang CPMI ay nag-aalok ng abot-kayang produkto at serbisyo na naglalayong makapagbigay ng segurong sumasakop sa pangkalamidad, pang-agrikultura, pangkalusugan, at iba pa para sa lahat ng kliyente ng institusyon.

Isa sa mga produkto ng CPMI ay ang Sagip Plan. Sa halagang PhP34 kada linggo, ang bawat kliyente ay may isang taong saklaw ng seguro sa pagkaaksidente na maaaring umabot hanggang PhP150,000, at benepisyong panlibing hanggang PhP15,000.

Maging ang mga miyembrong naapektuhan ng kalamidad tulad ng sunog, bagyo, baha, at lindol ay maaari ding makatanggap ng hanggang PhP36,000.

TO RESERVE A COPY OF THE FULL VERSION OF THE BOOK

Contact CARD MRI Publishing House through it's Facebook page @PublishingHouseInc, email address publishing@cardmri.com, landline number (049) 562-4309 or mobile number (0928-642-5940).



Mi-MBAs' Outreach and Settled Claims 16 March-15 July 2020



20,540

Number of Paid Claims



PhP 462.81 m

Collective Amount of Paid Claims



429

Number of COVID-Related Claims



24.93 m

Number of Insured Individuals

Pagharap sa COVID sa pamamagitan ng seguro

ng Microinsurance MBA Association of the Philippines, Inc. (MiMAP)

Simulanang maisailalim ang Pilipinas sa mahigpit na *lockdown* noong Marso dahil sa pandemyang hatid ng COVID-19, isa ang *food-based microentrepreneurs* sa mga humarap bilang *frontliners*. Ito ay kasabay ng kawalan ng sapat na suporta upang patuloy na makapaghanda at makapaghatid ng makakain at iba pang mahalagang pangangailangan sa maraming pamilyang Pilipino sa iba't ibang komunidad.

Si Celia ay isa lamang sa maraming negosyanteng gumigising ng madaling araw upang magbukas ng kanyang tindahan upang mapaglingkuran ang kababayan sa komunidad ng Caloocan. Kasabay ng pagkakaroon ng mataas na kita, kapalit nito ay ang pagkapagod sa mahabang oras ng trabaho at pakikihalubilo sa maraming mamimili.

Buwan ng Mayo nang siya ay magkasakit at magsimulang makaranas ng ilang sintomas kaugnay ng COVID-19 at namatay sa edad na 55. Si Celia ay miyembro ng Microinsurance Mutual Benefit Association (Mi-MBA). Nang maiparating sa opisina ang tungkol sa kanyang pagkamatay, agad na isinaayos ng tauhan ng Mi-MBA *staff* ang kanyang *insurance claim*. Sa kabila ng ilang paghihigpit kasabay ng krisis at umiiral na *lockdown* ay matagumpay namang naiproseso ng Mi-

MBA ang kanyang claim para sa kanyang pamilya sa loob lamang ng isang linggo.

Ang kaso ni Celia ay isa lamang sa 428 kasong may kaugnayan sa COVID-19 mula sa mga pumanaw na miyembro at benepisyaryong agad-agad naiproseso ng Mi-MBAs na konektado sa Microinsurance MBA Association of the Philippines Inc. (MiMAP) mula ika-16 ng Marso hanggang ika-15 ng Hulyo, 2020. Ang mga *claim* na ito sa ilalim ng MiMAP ay kabilang sa 2% mula sa kabuoang 20,540 *microinsurance claims* na binubuo ng PhP 462.81 milyong nabayaran at naipamigay ng Mi-MBAs sa mga benepisyaryo sa loob ng nakalipas na apat na buwang pagpapatupad ng *lockdown*.

Kaagapay sa Kinabukasan

Ang MiMAP o kilala rin bilang RIMANSI ay binubuo ng 18 Mi-MBAs at iba pang kaugnay na institusyon sa loob ng bansa. Ang samahang ito ay nagkakaisa para sa iisang hangaring bigyan ng akses sa seguro ang 48 milyong mahihirap at pamilyang kabilang sa maliliit ang kita pagdating ng taong 2024. Ang MiMAP ay may pinagsama-samang humigit-kumulang 7 milyong indibidwal at miyembro na karamihan at may-ari ng maliit na negosyo, magsasaka, at

mangingisda. Dahil sa mas mabilisang pagpasok sa seguro ng ilang miyembro ng pamilya, ang benepisyo nito ay ibinibigay sa halos 25 milyong Pilipino. Ang mga miyembro ng MiMAP Mi-MBA ay bahagi ng 62% *share* sa kabuoang bilang ng *microinsurance coverage* ng 40 milyong indibidwal sa bansa sa taong 2019.

Naghahatid ang Mi-MBAs ng *basic life insurance plans* at iba produktong *life insurance plans* na sakop ang *health at retirement*. Halimbawa, ang isang Mi-MBA ay nag-aabot ng *microinsurance coverage* na PhP 50,000 para sa *basic life insurance* sa halagang PhP60 kada buwan. Higit pa sa pagkakaroon ng abot-kaya at mainam na produkto at serbisyong panseguro, dinisenyo ang MBA upang pamahalaan at maging pagmamay-ari ng mga miyembro nito upang bigyang-diin ang pagtutulungan at pagbibigay-suporta sa isa't isa.

Sa unang buwan ng pagpapatupad ng *lockdown*, pinalawig ng Mi-MBAs ang *grace period* nito sa pagbabayad ng *insurance premium* mula sa 45 araw ay nagdagdag pa ito ng karagdagang 30 araw habang isinasayos ang pagpoproseso ng ilang *microinsurance claims*. Ang hakbang na ito ay nakagaan sa pinapasang bayarin ng mga miyembro at ng kanilang mga pamilya.

Naging matagumpay

naman ang MiMAP sa pakikipag-ugnayan nito sa Insurance Commission (IC) upang kilalanin ang operasyon ng MBA bilang daan sa pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan sa publiko. Dahil dito ay naging mas madali para sa ilang empleyado nito ang pagsasaayos at pagpoproseso ng ilang benepisyo upang agad itong mapakinabangan ng mga miyembrong nangangailangan. Gayon din, upang mapalawak pa ang paghahatid ng serbisyong panseguro sa mga miyembro nito, nagkaroon ng panukala ang MiMAP na pahintulutan ang Mi-MBAs na kumuha mula sa naipong maibabalik na halaga ng *equity* ng miyembro. Ito ay upang patuloy pa rin silang makapagbayad ng kanilang *insurance premium* kapag natapos ang *grace period* na ibinigay. Kapag naaprubahan ng IC ang naturang panukala, ang mga miyembro ay mabibigyan ng mas mahabang panahong kumita at makapag-apon para sa sa susunod na *premium payment*.

Abot-Kamay ng Mamamayan

Kasabay ng lumalagong bilang ng miyembro nito, nakipagsabayan na rin sa modernong pamamaraan ang Mi-MBAs upang mas pabilisin ang pagbibigay ng serbisyo sa mga miyembro nito. Malaki ang naitulong ng makabagong teknolohiya upang mabilis na maisaayos

ang *claims* at maibigay ito sa loob lamang ng isang araw. Ang pagpapasa ng mga dokumento ay lalong pinadali sa pamamagitan pagtanggap ng *electronic copies* na maaaring ipadala *via email* at ibang pang *mobile app* tulad *FB messenger*. Kasabay nito ay pinagtutuunan ng pansin ng ilang kawani ng MBA ang pagtuturo sa mga miyembro ang paggamit ng kanilang *smartphone* at iba pang *software applications* upang masigurong maipasa ang mahahalagang dokumento sa takdang oras. Ang ganitong ugnayan sa pagitan ng mga kliyente at empleyado ng Mi-MBA ang isa sa mabisang paraan upang patuloy na maibigay ang serbisyong nararapat para sa bawat isa.

Sa gitna ng mga pagsubok na hatid ng pandemya na nakaapekto sa Mi-MBAs, patuloy naman ang suportang ibinibigay ng Citi Foundation sa pagpapalago ng *microinsurance industry* sa pamamagitan ng ugnayan nito sa MiMAP (RIMANSI). Ang programang ito ay naglalayong makapagbigay ng sapat na kapasidad sa mga Mi-MBAs na makabuo ng makabagong teknolohiya gamit ang *cellphone* at matulungang mabigyan ng sapat na edukasyon ang mga miyembro nito upang maging handa sila sa pagharap sa pagbabago. Patuloy namang isinasakatuparan ng Citi

Pagharap sa COVID... ◀ 4

Foundation ang pag-aabot ng tulong sa maraming indibidwal upang tulungang umunlad ang buhay sa maraming komunidad sa buong mundo.

Taong 2019 nang makamit ng MiMAP Mi-MBAs ang kabuoang Php 4.81 na bilyong kontribusyon at premiums. Nakapagbayad din ito ng

halagang Php 1.43 bilyong benepisyo, at nakapaglaan ng Php 956.10 milyong maaaring mapakinabangan ng mga kliyente at miyembro nito. Nakapagbigay rin ang MiMAP ng suportang-teknikal upang mapaunlad pa ang naturang industriya sa mga bansa tulad ng Cambodia, Fiji, Indonesia at Vietnam kabilang ang


walong kaugnay na mga *microfinance institution*. Sa pamamagitan ng mga ito ay nananatiling kilala ang bansang Pilipinas bilang *microinsurance* capital ng buong mundo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa *microinsurance*, bisitahin lamang ang www.rimansi.org.

AVAILABLE NOW!



For orders, contact CARD MRI Publishing House through its Facebook page, @CARDMRIPublishingHouse, or mobile number (0928-642-5940)



Php 500

Author: Dr. Jaime Aristotle B. Alip

Description: Dr. Jaime Aristotle B. Alip shares the story of his thirty years of work as the Founder and Chairman of CARD MRI since it founding in 1986 until he handed the baton to the next leader. It chronicles the story of CARD MRI, its humble beginnings, and how it continuously makes a difference in improving the lives of the poor.

For orders, contact CARD MRI Publishing House through its Facebook page, @PublishingHouseInc, or mobile number (0928-642-5940)

CARD MRI PUBLISHING HOUSE



Mahilig ka bang magsulat?

Mag-contribute na ng development-oriented news and features sa Sulong: Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI.

Kung ang article mo ay malathala, may naghihintay na regalo para sa iyo ang CARD MRI Publishing House!

For more details:

Email: publishing@cardmri.com Contact number: 09195319858

EDITORIAL



10 Aral Mula sa Pandemya

Sa nakalipas na limang buwan, naging pagsubok para sa CARD, Inc. ang pagharap sa COVID-19 at sa mga epekto nito lalo na sa pagbibigay ng serbisyo sa mga kliyente nito. Bagamat hanggang sa kasalukuyan ay patuloy pa rin tayong sinusubok ng pandemya, sa limang buwang nakalipas ay masasabi nating tuloy-tuloy tayong sumusulong para sa mas ligtas at mas maunlad na komunidad. Suriin nating mabuti ang ilan sa ating mga naging karanasan, mga natutunan, at ginawang pagtugon sa

Mahalaga ang paghahanda

Bago pa man dumami ang kaso ng COVID-19 sa bansa ay nagplano na ang organisasyon ng mga konkretong hakbang upang mapaghandaan ang mga epekto nito. Ang mga pinuno ng CARD, Inc. ay kumonsulta at nakipag-diskusyon sa mga kasapi at kliyente nito tungkol sa mga alternatibong aksyon upang maipagpatuloy ang pagbibigay ng serbisyo sa gitna ng pandemya. Naging maganda ang naging resulta

ng paghahandang ito dahil nakakilos at nakagawa agad ng paraan ang organisasyon kasama ang mga miyembro nito upang hindi mapigil ang operasyon nito lalo na noong tayo ay sumailalim sa *lockdown*.

Iangkop ang serbisyo sa sitwasyon

Mahalagang malaman natin ang sitwasyon ng ating mga komunidad nang sa gayon ay maiakma nating mabuti ang ating alternatibong aksyon. Sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pagkonsulta sa mga

kliyente, nakakaresponde tayo nang maayos sa mga nangangailangan.

Pakinabangan ang teknolohiya

Upang mas mapadali ang pag-access ng mga kliyente ng CARD sa mga serbisyo nito, gumamit ng iba't ibang *online technologies* ang organisasyon para sa mga serbisyo nito. Halimbawa na lamang nito ay ang konek2CARD na nagpadali sa pagpoproseso sa mga *financial transactions* ng CARD Bank gaya na lamang ng pagdedeposito,

pagwi-withdraw ng naimpok, at pagpapadala ng pera sa ibang lugar. Kasama rin dito ang e-Doctor, Mga Likha ni Inay, Palengke on Wheels, at Travel Goals in a Box.

Mahalaga ang gampanin ng komunidad sa pandemya

Marami sa ating mga kliyente ang naapektuhan ng pandemya ngunit marami rin sa kanila, lalo na sa ating mga *microentrepreneurs*, ang nangunguna sa pagbibigay ng serbisyo



CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.
Publisher

Dr. Jaime Aristotle Alip
Flordeliza Sarmiento Marilyn Manila
Editorial Advisers

Dr. Edmund Centeno
Editor-in-Chief

Albert Dayag
Arnold Gutierrez
Layout Artists

Cyrene Grace Lubigan
Managing Editor

Charyll April Perez
Clariza Concordia
Writers

Jeffrey Tandingan
Associate Editor

Clark Qury Cuello
Cartoonist

Nilalayon ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kaniyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahalaga para sa inyo. Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na website ng CARD MRI. Maaari ring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa publishing@cardmri.com.

Ang SULONG! Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI ay inilalathala anim na beses sa loob ng isang taon tuwing ka-makalawang buwan sa pamamagitan ng CARD MRI Publishing House Inc.

Para sa *advertising rates* at para bumili ng kopya ng Sulong, maaaring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa publishing@cardmri.com.

CONTRIBUTORS

Microinsurance MBA
Association of the Philippines,
Inc. (MiMAP)

CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.

M.L. Quezon St., City Sub.,
San Pablo City, Laguna

@CARDMRIOfficial
Official Facebook page

@CARDMRI
Official IG account

CARD MRI
Official YouTube channel

www.cardmri.com
Official Website



PAYO NI BOSS

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Founder and Chair Emeritus
CARD MRI

Marami na tayong pinagdaanan bilang Pilipino. Sa bawat pangyayaring sinusubok tayo, patuloy tayong bumabangon at mas lalong tumatatag bilang isang tao. Sa ating pagkakadapa, tayo ay tumitindig at nakatuon ang ating pananaw sa panibagong sinag na pag-asa.

Hindi pa man natatapos ang ating malaking digmaan laban sa *coronavirus disease*, pinipilit na nating bumalik sa isang mas mahusay na pangkaraniwan nating pamumuhay. Bagama't nadapa tayo at ang ilan nga ay nilugmok sa kahirapan nitong krisis na ating pinagdaraan, kinakaya pa rin nating ngumiti at tumawa sa kabila ng lahat ng ito.

Hindi patitinag ang lahing Pilipino. Sa kabila nang matinding unos, pinipilit nating umalpas sa kadenang gumagapos sa atin at binabasag ang alinmang hadlang patungo sa mas kumportableng pamumuhay para sa atin at sa ating pamilya.

Sa unti-unting pagluwag ng mga polisiya laban sa paglaganap ng sakit, may natatanaw na tayong pagsikat ng pag-asa. Hindi na tayo nito ikinukulong sa takot at

pangamba. Muling magpapatuloy ang agos ng buhay kasabay ang pagkamit ng ating mga pangarap.

Ngunit hindi pa tapos ang ating laban. Sa patuloy na pagharap natin sa krisis na ito, huwag nating kalilimutan ang aral na ibinigay nito sa atin. Tinuruan tayo nitong maging handa para sa ating kinabukasan at pahalagahan ang mas mahusay na mga kaugalian, na maging mas maingat at mas responsableng mamamayan.

Pagnilayan natin ang bawat araw na lumipas. Damahin natin ang bawat pag-aalinlangan, ang takot at pangamba na idinulot nito sa atin upang mas maunawaan natin ang kabuluhan ng pinagdaraan nating krisis ngayon.

Huwag nating itatapon ang mga aral na ito. Huwag nating hahayaang muli tayong humarap sa isang bukas na walang bitbit na karanasan at sumabay na lamang sa kung anong magiging daloy ng buhay.

Dalhin natin ang lahat ng ating natutuhan upang mas maging mahusay tayong tao at mamamayan. Ito ang ating tamang pagtahak sa isang magandang kinabukasan.

Sa muling pagbubukas ng ekonomiya ng bansa, huwag nating sasayangin ang pagkakataong ito, ang pagkakataong tayo ay may lakas pa at kaya pang lumaban sa hamon ng buhay.

Hindi sapat ang muling pagtindig. Sabayan natin ang ating dobleng pagsusumikap ng bawat aral at kaugaliang itinuro sa atin ng pandemyang ito. Matuto tayong magplano para sa atin, sa ating pamilya, at sa ating kinabukasan.

Hindi ito ang bagong normal dahil ito ang nararapat na normal para sa ating lahat noon pa man, ang isang ligtas na kapaligiran na mayroong disiplinadong mamamayan. Sana ay hindi tayo lumihis sa ating tunay na pagkakakilanlan.

Mula naman sa CARD MRI, magpapatuloy ang buong organisasyon sa misyon nitong pagsugpo sa kahirapan at sa pagtulong sa mga Pilipino sa pagtamo ng kanilang mga pangarap na maginhawang buhay bitbit din ang lahat ng aral na itinuro ng krisis na ito sa mga organisasyon. Asahan ninyo na patuloy ang ating pagbibigay ng isang matatag na bukas para sa inyo.

MULA SA PUSO NI ATE MD

Matapos ang ilang buwang pagpapatupad ng *community quarantine* at *lockdown* sa buong bansa, unti-unting na nating hinaharap ang bagong kasalukuyan nang may pag-asa. Sa pagharap sa kinikilala nating 'new normal', masasabi kong may panibagong pagsubok at oportunidad na uusbong at maaari nating kaharapin.

Ang dalang pagbabago ng COVID-19 sa pamumuhay ng maraming tao ay nagdala rin ng malaking pagbabago sa estratehiya ng buong CARD MRI kung paano nito isasagawa ang pag-abot ng misyon nitong makatulong sa maralitang Pilipino.

Kailangan nating i-angkop ang ating mga programa at serbisyo ayon sa ating kasalukuyang sitwasyon. Bago pa man pumutok ang unang kaso nito sa ating bansa, tayo ay naghahanda na sa mga posibilidad. Patuloy tayong nag-iisip ng mga alternatibong pamamaraan upang maipagpatuloy ang ating pagbibigay-serbisyo sa gitna ng paglaganap nito.

Nito lamang nakaraang Hulyo,

nagbukas agad tayo ng dalawang sangay ng ating dalawang bangko upang mas mapalawak pa ang mga komunidad na nabibigyan ng serbisyo pinansyal at matugunan nito ang pangangailangang pampinansyal ng ating mga miyembro. Malaki rin ang naging tulong ng pagpopondo natin sa makabagong teknolohiya tulad ng paglulunsad ng konek2CARD *mobile banking app*. Isa ito sa naging daan upang mas mapadali at mas maging ligtas ang pagsasagawa ng kanilang transaksyong pambangko gaya ng pagdedeposito, pagwi-withdraw ng kanilang naimpok, at pagpapadala ng pera sa ibang lugar ng hindi pumupunta sa pisikal na bangko.

Nitong mga nakalipas na buwan, pinakamainan na isagawa natin ang ating mga aktibidad sa online upang maghatid ng serbisyo sa ating mga komunidad nang mabilis at ligtas. Nailunsad natin ang e-Doctor, isang libreng *online* na konsultasyon sa pangkalusugan para sa publiko, *virtual livelihood trainings* para sa ating mga kliyente.

Upang mas matulungan pa ang ating *agri-entrepreneurs* ay naglunsad

din ng bagong programa ang Mga Likha Ni Inay (MLNI) ng Palengke on Wheels (PoW) kung saan maaari ng makapamilya at makapagbenta sa tulong nito nang hindi na lumalabas pa sa kanilang tahanan. Ngayon ay pinipilit nating bumalik sa normal na operasyon na may ibayong pag-iingat para na rin sa ating mga kliyente at kawani.

Bilang bahagi ng *new normal*, atin pong isabuhay ang mga alituntunin at patakaran makatutulong na masugpo ang COVID-19 *disease* tulad ng paghuhugas ng kamay, pagsusuot ng *face mask* tuwing lalabas ng bahay, at pagpapanatili ng *physical distancing*.

Maliban dito, ating gamitin ang mga aral na ating natutuhan sa krisis na ito. Di maglalaon ay mapagtatagumpayan natin ang krisis na ito. Mahalagang tayo ay magkaisa upang labanan ang *virus* na ito. Ating pinatunayan na sa kabila ng ating dinaranas ngayon ay tunay na matatag at handa ang CARD MRI sa anumang hamon na ating kahaharapin. Aking hinahangad naway gabayan tayong lahat na ilayo sa sakit at panganib dulot ng epidemyang ito.



Ms. Flordeliza L. Sarmiento
Managing Director
CARD MRI

10 Aral Mula sa ...

para sa ibang tao. Bukod dito, lagi ring kaagapay ng CARD ang mga kliyente nito sa pag-iisip ng mga alternatibong solusyon sa mga problemang dulot ng COVID.

Magpalawig at magparami

Sa gitna ng pandemya ay hindi tumigil ang CARD sa paglulunsad ng iba pang paraan upang maipagpatuloy at maihandog sa mas marami ang mga serbisyo nito. Nitong nakaraang mga buwan ay nagtayo ng bagong sangay ang CARD MRI Rizal Bank sa Siniloan, Laguna at CARD SME Bank sa Nasugbu, Batangas. Ang pagtatayo ng mga bagong sangay na ito ay hakbang sa pagtupad sa layunin ng CARD na makapaghatid ng mas malawak na

serbisyong pampinansyal at mabigyang-pansin ang pangangailangan ng libo-libong MSMEs at mga kliyente nito sa buong bansa.

Pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan

Kaakibat ng pagpapalawig ay ang pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan ng CARD sa mga *partner* nito sa industriya. Isa sa halimbawa nito ay ang kamakailan lang na pakikipagsanib-puwersa ng CARD Bank sa Western Union upang palawigin ang paghahatid-serbisyo ng CARD hindi lamang sa bansa kundi maging sa iba't ibang panig ng mundo. Kasama rin dito ang pakikipagtulungan ng CARD sa lokal na gobyerno upang maipagpatuloy ang

mga serbisyong pang-edukasyon, pang-trabaho, pang-turismo at iba pa sa mga lugar na kinaroroonan nito.

Pangangalaga sa mga stakeholders

Hindi makakagalaw ang CARD kung wala ang mga empleyado nitong masigasig na nagtatrabaho upang maipagpatuloy ang mga serbisyo ng organisasyon. Kung kaya't prayoridad ng CARD ang kaligtasan ng mga empleyado.

Bukod sa mga *precautionary measures* gaya na lamang ng *regular temperature check* at pagsusuot ng mga *personal protective equipment* (hal. *Face mask, face shield* etc.), sinisigurado rin organisasyon na naasikasong mabuti ng mga empleyado nito ang

kanilang mga sarili at kanilang mga pamilya.

Magpatuloy ang pagkatuto

Marami sa mga hakbang na ginawa natin ay bago sa organisasyon kung kaya't hindi pa natin masyadong gamay lalo na halimbawa sa paggammit ng mga *online technologies* sa paghahatid ng ating mga serbisyo. Gayunpaman, nagsisikap ang CARD upang mas mapabuti ang mga ito at maseguro ang tuloy-tuloy at madaling pag-*access* ng mga kliyente sa mga serbisyo ng organisasyon.

Higit na mahalaga ngayon ang pagseseguro

Dahil sa pandemya, higit nating nakita ang kahalagahan ng pagseseguro. May ilan sa atin ang namatayan o di kaya nama'y nagkasakit

dahil sa COVID-19, ngunit dahil tayo ay nakaseguro, naharap nating mabuti ang sitwasyon dahil bawas na sa ating alalahanin ang mga problemang pampinansyal.

Bumalik sa misyon

Anumang pagsubok ang ating kaharapin, may mga bagong problema mang dumating, hindi mawawala ang misyon ng CARD, Inc. na puksain ang kahirapan sa ating bansa.

Gawin natin itong motibasyon upang palakas in ang ating mga sarili at pagbutihin pa ang ating mga ginagawa, lalo na para sa mga milyong-milyong Pilipino.

Nawa'y magamit natin ang mga aral na ito sa pagpapatuloy ng ating mga adhikain. Malalampasan din natin ang pandemyang ito sa tulong ng bawat isa.

Hijos Travel Box

Our Travel Goals in a Box is filled with authentic local food and souvenirs, customized games and DIY goodies all locally sourced from our microfinance clients and curated from our heritage tours just for you!

What are you waiting for? Get yours today! Sign up here:

<https://forms.gle/hhKn5nk8QZeeiDZX6>

A portion of the proceeds from your purchase will also go to the community of tour guides and local service providers affected by the COVID-19 pandemic.

2,199.00

HIJOS TOURS
Maglakbay nang may sagsay!





P100.00

Contact CARD MRI Publishing House through its Facebook page @CARDMRIPublishingHouse, email address publishing@cardmri.com, landline number (049) 562-4309 local 209 or mobile number (0928-642-5940).

Mas madaling pagbabayad ng loan, isinulong ng CARD

ni Charyll April Perez

Bilang bahagi ng layunin ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) na patuloy na makapagbigay ng serbisyo sa pinakamabilis at matiwasay na paraan sa panahon ng pandemya, ngayon ay maaari na ring magbayad ng weekly dues ang mga kliyente nito gamit ang CARD Sulit Padala at sa isang konek2CARD authorized agent.

Ang CARD Sulit Padala ay isang domestic remittance service ng CARD MRI na matatagpuan sa iba't ibang CARD MRI offices sa buong bansa. "Maaaring magpadala ng pera ang aming mga kliyente at magbayad ng kanilang loans gamit ang aming remittance service na ito sa pinakamadali at maginhawang pamaraan," pagbabahagi ni CARD, Inc. Executive Director Jocelyn Dequito.

Ibinahagi rin ni Dequito na maaari na ring

magbayad ang mga kliyente nito sa mga konek2CARD agent na matatagpuan sa kani-kanilang mga barangay. Ito ay mas pinalapit na pamamaraan ng pagbabayad upang hindi na kinakailangan ng mga kliyente nito na magbayad pa sa tanggapan ng CARD. "Ito ay isang pag-angkop natin sa *new normal* na ating kinakaharap at upang gawing mas ligtas ang transakyon ng ating mga kliyente.

Sinisikap nating gumawa ng mga hakbang upang hindi maparalisa ng krisis na ito ang ating pang-araw-araw na gawain," pagbabahagi ni Dequito.

Aniya, ang pagpapalawak ng ganitong mga inisyatibo ay malaki ang maitutulong sa milyon-milyong kliyente ng CARD sa bansa lalot nababalot ang karamihan sa takot na mahawa ng lumalaganap na sakit.



SULONG!
Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI



Get your copies from our Sulong outlets

- San Pablo Museum
- Forestwood Garden
- Gapit Fruit Farm and Resort
- Laguna university
- South East Asia Interdisciplinary Development Institute
- Eurotel Naga
- Andal's Barrio Meals
- TESDA
- Bicol Central Station
- AIM Convention Center
- Jamilla's Pension House
- Bahag Footwear
- Kamayan Penthouse Beach Resort
- REYNA'S The Haven & Gardens
- Arabelle Suite
- Cebu Business Hotel
- Dumaguete Royal Suite Inn
- University of Negros Occidental-Recoletos
- City Hall of Tacloban
- Municipal Hall of Santa Cruz, Laguna
- Municipal Hall of Bay, Laguna
- Quezon Premier Hotel (Candelaria)
- Quezon Premier Hotel (Lucena)
- Quezon Premier Hotel (Pansol)
- Laguna Colleges
- Kintner Christian Academy
- MSC Institute of Technology
- Open door Christian Academy
- St. Joseph School
- Canossa Colleges
- Laresio Lakeside Resort
- Little People's School Inc.
- Kamhantik Hotel
- Orchid Hotel
- University of Pangasinan
- Hotel Necita
- DAP
- Eurotel Baguio
- City Travel Hotel
- Aureo Hotels and Resorts
- City Hall of San Fernando, La Union
- City Library of San Fernando, La Union
- Hotel de Dasmariñas
- Spring Plaza Hotel
- DSWD Caraga
- Dole II (Davao)

BALITANG PANREHIYON



Ang mga nasa larawan: (L-R) Rev. Mar Andreen Castillo, CARD SME Bank client Lilia Barcelon, CARD SME Bank President Aristeo A. Dequito, CARD MRI Managing Director Flordeliza L. Sarmiento, CARD SME Bank Executive Vice President and COO Cynthia B. Baldeo, at CARD SME Bank client Priscila Arzobal sa pagbubukas ng ika-35 sangay ng bangko sa Nasugbu, Batangas.

Bagong sangay ng CARD SME Bank, binuksan sa Batangas

ni Charyll April Perez

Bilang pagyakap sa *new normal* sanhi ng COVID-19, binuksan ng CARD SME Bank ang ika-35 nitong sangay sa Nasugbu, Batangas noong ika-27 ng Hulyo.

Bahagi ito ng layunin ng bangko sa pagpapalawak at pagpapakilala ng iba't ibang produktong pampinansyal sa bansa. Ayon kay CARD SME Bank President and CEO Aristeo B. Dequito, "Sa kasalukuyan ay ipinagdiriwang ng CARD

SME Bank ang ika-9 na taon nito sa pagbibigay ng serbisyong pampinansyal sa mga komunidad. Nagsimula tayo mula sa maliliit na opisina noong taong 2011 ngunit nanatili tayong matatag sa pagsasagawa ng ating misyon sa pag-abot ng mas maraming MSMEs at pagtugon sa lumalagong pangangailangan ng ating mga kliyente sa rehiyon ng CALABARZON."

Idinagdag din niyang sa kabila ng pandemyang hatid

ng COVID-19 ay hindi itinuturing ng CARD SME Bank ang sitwasyon bilang sagabal sa paghahatid ng serbisyo sa publiko.

Bagamat may ilang pagbabago sa naging plano ng bangko dahil sa lumolobong bilang ng kaso ng COVID-19 sa ating bansa, determinado pa rin ang pamunuan na isakatuparan ang layunin nitong maabot at makatulong sa maraming komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng serbisyong pampinansyal sa pinakamadaling paraan. Ayon pa kay Dequito ay ipagpapatuloy nito ang pagtulong sa mga kliyente nito hanggang matapos ang pandemyang kinahaharap ng bansa.

Bago pa man dumating ang pandemya, naglalaan na ang bangko ng pondo sa makabagong teknolohiya upang makasabay sa modernong pamamaraan ng pagbabangko.

Nakatulong ang pamamaraang ito upang mas mabilis ang pagbibigay ng serbisyong pambangko

sa mga kliyente nito. Sa patuloy nitong pag-usad gamit ang makabagong teknolohiya, mararanasan ng mga kliyente nito ang mas pinadaling serbisyo mula sa iba't ibang transaksyong pambangko sa lahat ng pagkakataon gamit lamang ang kanilang android phones na mayroong konek2CARD *mobile banking app*.

Ang naturang sangay ay matatagpuan sa J.P Laurel St., Barangay 11, Nasugbu, Batangas, at inaasahang makapaglilingkod sa 15,000 mga kliyente mula sa walong BLUs o branch-lite-units.

Ang mga nagsipagdalo sa pagbubukas nito ay ang punong tagapamahala ng CARD MRI, Flordeliza Sarmiento, ikalawang punong ehekutibo ng CARD SME Bank at COO, Cynthia Baldeo, at ilang kliyente at tauhan ng CARD MRI.

Ang thrift bank

Ang CARD SME Bank ay may layuning makapaghatid ng mas malawak na serbisyong

pampinansyal at bigyang-pansin ang pangangailangan ng libo-libong MSMEs at mga kliyente nito sa buong bansa.

Ang bangko ay kasalukuyang nag-aalok ng iba't ibang produkto at serbisyong pampinansyal na angkop sa iba't ibang klase ng pangangailangan ng maliliit na negosyante. Kalakip nito ay ang mas maayos at mas maluwag na proseso ng paglo-*loan* at may mababang halaga ng interes.

Maliban dito, mayroon din itong *savings account* para sa kliyente nito at *kiddie savings* para sa mga bata, *ATM account*, *checking*, *time deposit*, *consumer loans* tulad ng sasakyan, pabahay, at pera padala.

Nitong nakaraang Hunyo 2020, ang CARD SME Bank ay nakapaglingkod na sa 987, 686 na mga kliyente nito sa buong bansa mula sa 35 sangay ng bangko at 328 mga opisina at may pag-aaring aabot sa PHP 7.7 na bilyon.



Kinilala ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, CARD MRI Founder at Chairman Emeritus ang ilang kliyente sa pagbubukas ng bagong sangay ng CARD RBI sa Siniloan noong ika-27 ng Hulyo, 2020.

Kauna-unahang sangay ng CARD RBI, binuksan sa panahon ng new normal

ni Charyll April Perez

Sa ating patuloy na laban sa pandemya kontra-COVID-19, ang pagkakaroon ng mas mabilis na akses sa produkto at serbisyong pampinansyal ang isa sa pinakamahalagang kailangan ng tao. Upang

ilapit sa publiko ang produkto at serbisyong pambangko, binuksan ng CARD MRI Rizal Bank (CARD RBI) ang ika-32 sangay nito sa Siniloan, Laguna noong ika-27 ng Hulyo.

"Marami na tayong

BLUs o branch-lite units na bukas sa iba't ibang bayan upang ilapit ang produkto at serbisyong pambangko sa komunidad. Sa pagpapa-iral ng community quarantine sa maraming parte ng bansa, patuloy pa rin ang paghahatid ng serbisyo

ng ating mga bangko upang mapaglingkuran ang ating mga kliyente. Ngunit ang lahat ng ating BLUs ay mahigpit na hindi pinahihintulutang mag-operate sa panahong ito," ayon kay CARD RBI President and CEO Elma B. Valenzuela.

Ibinahagi rin ni Valenzuela na ang sitwasyong nararanasan ay nagbigay ng limitadong pagkakataon sa mga tao upang magkaroon ng akses sa ilang serbisyong pambangko.

"Bilang bahagi ng ating pagtugon sa kabila ng krisis, patuloy nating palalawakin ang paghahatid ng serbisyo upang ibigay sa publiko ang kanilang pangangailangang pinansyal," aniya.

Ang pagbubukas ng bagong sangay ay bahagi ng layunin ng bangko na palakasin ang *financial inclusion* sa bansa. Ang sangay ng Siniloan ay kasalukuyang may 17,626 na kliyente na nagmula sa sangay nito sa Sta. Cruz.

Gayondin, upang maabot ang mas maraming komunidad ay ipinatutupad

din ng bangko ang paggamit ng ilang makabagong pamamaraan sa pamamagitan ng paglunsad nito ng konek2CARD *mobile banking app*. "Sa kabila ng ilang pisikal na sagabal, patuloy ang pagbuo natin ng mga paraan upang mas madali nating mapaglingkuran ang ating mga kliyente. Maliban sa mga serbisyong pampinansyal ay patuloy tayong maghahatid ng mga proyektong pangkaunlaran sa mga komunidad bilang pagtugon sa iba't ibang pangangailangan ng ating nasasakupan," pagdidiin ni Valenzuela.

"Bago matapos ang taong 2020 ay magbubukas pa ang CARD RBI ng apat pa nitong sangay at karagdang 18 BLUs sa bansa upang magbigay ng pagkakataon na magkaroon nang mas mahusay at mabilis na akses sa mga serbisyong pampinansyal at pambangko ang maraming komunidad," sabi ni Valenzuela.

Kauna-unahang sangay... ◀ 10

Ang Bangko

Ang CARD RBI ay isang institusyong miyembro ng CARD MRI na may layuning makapaghatid ng dekalidad na produkto at mas malawak na serbisyong pampinansyal sa mga kliyente nito. Upang masigurong ang bawat pamilyang naghahangad na umangat sa buhay ay magkaroon ng pagkakataong maranasan ang mga serbisyo nito, ang bangko ay nag-aalok ng *micro* at SME loans, *savings accounts*, at *remittance services*.

Ang naturang bagong

sangay ay matatagpuan sa Gualberto Building, L. de Leon St., Barangay Wawa, Siniloan, Laguna.

Dinaluhan ang nabanggit na pagbubukas ng CARD MRI Founder at Chairman Emeritus Dr. Jaime Artistotle B. Alip, CARD RBI's Senior Vice President for Operation Juliana B. de Leon, at mga kliyente at tauhan ng CARD RBI. Mula nang maitatag ito noong 1996, ang CARD RBI ay nagkaroon ng makabuluhang paglago na aabot sa PHP 5.1 bilyong pag-aari at 493,757 na kliyente sa buong bansa.

Ugnayan ng CARD sa mga kasapi nito, mas pinalakas

ni Jeffrey Tandingan

Sa matinding banta ng COVID-19 noong ikalawang sangkapat ng taon, pansamantalang natigil ang regular na operasyon ng CARD MRI. Ngunit sa unti-unting pagluwag ng protokol ng pamahalaan, unti-unti na ring ibinabalik ng CARD MRI ang buong serbisyo nito sa komunidad upang masigurong patuloy ang ugnayan ng CARD MRI sa mga kliyent nito.

Sa kabila nito, patuloy ang komunikasyon ng mga kawani ng CARD MRI sa mga kasapi nito. Ang mga kawani ay nangangamusta sa mga kalagayan ng mga miyembro nito kahit sa simpleng tawag, *text* o *chat* gamit ang *messaging app*.

“Nais nating iparamdam sa ating mga kasapi, na sa kabila ng pisikal na limitasyon, hindi tayo nawawala, na hindi natin sila iniwan sa gitna ng pandemya, at patuloy tayong lumalaban para sa kanila,” pagbabahagi ng Punong Tagapamahala ng CARD MRI na si Flordeliza Sarmiento.

Mahalaga ang naging bahagi ng patuloy at epektibong komunikasyon upang mapatatag pa ang ugnayan ng CARD MRI at ng mga kasapi nito.

Nito lamang Hulyo, inilunsad ng CARD MRI ang Ugnayan at Kumustahan Online para sa mga kliyente nito. Ang naturang programa ay isinasagawa ng *live* gamit ang isang *video communication technology*.

Iniimbitahan dito ang mga kasapi mula sa mga malalayong lugar at mahirap sa ngayong mabisita ng mga tagapamuno ng CARD MRI dahil sa mga umiiral na restriksyon at paghihigpit sa pagbyahe. Ang mga kasalil ay binubuo ng mga *center chief* at *officers*, *MBA Coordinators* at *Board Member*, at iba pang mga kasapi ng CARD MRI.

Layunin ng programang ito na palakasin ang kompyansa ng mga kasapi sa kabila ng kinakaharap nating pagsubok. Ang isa sa mga tagapanguna ng CARD MRI na si Dr. Dolores Torres ang nagsilbing punong-abala sa programa.

Nag-imbita rin ng mga tagapamuno ng iba't ibang institusyon sa ilalim ng CARD MRI upang magbahagi ng kanilang paglalakbay kasama ang CARD MRI, ang kwento ng paglago ng organisasyon kasama ang mga nagtiwalang mga kliyente ng organisasyon.

Nais nitong pagtibayin ang tiwala ng mga kasapi sa organisasyon at kailan man ay hindi ito bibitaw sa sinumpaan nitong tungkulin na maiangat sa kahirapan ang maralitang Pilipino at tuluyang masugpo ang kahirapan sa bansa.




Gayondin, sa pamamagitan ng *live video communication* na ito, nagbigay rin ng testimonya ang ilang mga kliyente nito kung paano nagkaroon ng positibong

pagbabago sa buhay nila sa tulong ng CARD MRI. Maliban sa pampinansyal na paglago, hangarin din ng organisasyon na humubog ng mahuhusay at disiplinadong mamamayan ng bansa.

Tumanggap naman ng mahusay na katugunan ang programang ito mula sa mga kliyente. Ang ilan pa ay nagbigay ng kanilang mensahe ng pasasalamat sa organisasyon.

Hindi makakailang napakahalaga ng komunikasyon sa pagbuo ng mahusay na samahan. Maliban sa pagbuo ng mga mahuhusay na produkto, programa, at serbisyo ng CARD MRI, pinagtutuunan din ng pansin ng mga kawani at opisyal ng CARD MRI na hindi malimutan ang isang epektibong komunikasyon upang manatiling may kaalaman ang halos 7 milyong kliyente nito sa mga ginagawang pag-aangkop ng mga polisiya ng CARD MRI sa bagong daang tinatahak nito at mapanatili ang kanilang matibay na tiwala.

“Hindi mapipigilan ang puso ng buong CARD MRI sa layunin nito. Kahit na ano pang limitasyon o balakid ang iharang sa atin, patuloy na gagawa ng paraan ang organisasyon upang maipadama sa ating mga kliyente na hindi sila nag-iisa,” pagtatapos ni Sarmiento.



SUDOKU CHALLENGE

		9		3		5		
				7				2
5			4			9		6
	3						6	4
		6	5				9	
8								
3				2				
					7		3	8
	5				1	4		